Mga Pangkalahatang Tuntunin at Regulasyon Pagtitinda sa Bangketa

Inihanda ng Kawanihan ng mga Serbisyong Pangkalsada (Bureau of Street Services, BSS), bilang suporta sa ordinansa sa pagtitinda sa bangketa ng Lungsod ng Los Angeles (Lungsod) para sa Tala ng Konseho Blg. 13-1493-S5, ang mga sumusunod na pangkalahatang tuntunin at regulasyon para sa lahat ng mga nagtitinda sa bangketa sa karapatan sa daanan (right-of-way) ng publiko. Ang lahat ng pagtitinda sa bangketa mula Enero 1, 2019 pasulong ay pamamahalaan ng mga tuntuning ito.

1. *Basura*: Ang lahat ng mga food vending (may panindang pagkain) cart o kiosk ay dapat na may nakakabit na lagayan ng basura na may sapat na laki para maglaman ng lahat ng basurang galing sa pagpapatakbo ng cart o kiosk na iyon, at dapat pulutin ng nagpapatakbo ng food vending cart o kiosk ang lahat ng basurang galing sa pagpapatakbong iyon sa loob ng 50 talampakang palibot na distansiya ng cart o kiosk bago mailipat ang cart na iyon. Ang lahat ng mga maaaring i-recycle na materyales ay dapat ihiwalay mula sa ibang basura at itapon sa paraang naaayon sa kasalukuyang patakaran sa pag-recycle ng Lungsod ng Los Angeles (Lungsod).

2. ***Mga Disposable na Plastic Straw: Ang mga Nagtitinda at mga nagpapatakbo ng Pamilihan ng Mga Magsasaka (Farmers Market) ay dapat sumunod sa Artikulo 3, Kabanata XIX ng LAMC.***

3. *Pagpuwesto*: Walang taong dapat mag-install, gumamit, o magpanatili ng anumang vending cart o kiosk na umuusli palabas, papunta, o paibabaw sa anumang bangketa o kalsada kung ang instalasyon, paggamit o pagpapanatiling iyon ay naglalagay sa panganib sa kaligtasan ng mga tao o ari-arian, o kung ang puwesto o lokasyong iyon ay ginagamit sa mga layunin ng pampublikong utilidad, mga layunin ng pampublikong transportasyon o iba pang paggamit ng pamahalaan, o kung ang cart o kiosk na iyon ay hindi makatwirang nakakasagabal o nakakapigil sa daloy ng trapiko ng naglalakad o sasakyan, pasukan o labasan ng anumang tirahan o lugar ng negosyo, o paggamit ng mga haligi, poste, daanan ng sasakyan palabas at papasok ng bahay, palatandaan o signal ng trapiko, hydrant, mailbox, o iba pang bagay na pinahihintulutan sa o malapit sa nasabing lokasyon. Walang vending cart o kiosk ang maaaring ipuwesto kung saan ang malinaw na espasyo para sa pagdaan ng mga naglalakad sa bangketa ay kumikitid sa lapad na mas mababa sa limang talampakan. Walang palipat-lipat na nagtitinda (mobile vendor) o nagtitinda sa kalsada ang dapat humarang o magsanhi ng pagharang sa daanan ng anumang bangketa, kalsada, avenue, kalye o anumang iba pang pampublikong lugar, sa pamamagitan ng pagdulot ng pagtitipon-tipon ng mga tao sa o malapit sa lugar kung saan itinitinda o inaalok sa pagbebenta ang anumang uri ng mga produkto, kagamitan, pagkain, o paninda.

    a) Hindi maaaring mas mababa sa tatlong talampakan ang layo mula sa mga sumusunod na mga pasilidad sa itaas ng lupa (above ground facilities, AGF):
        (1) Mga ilaw sa kalsada
        (2) Mga gilid ng mga bukana sa ilalim ng puno (tree well)
        (3) Mga metro ng paradahan
        (4) Estruktura ng utilidad na nasa itaas ng lupa
    b) Hindi maaaring mas mababa sa limang talampakan ang layo mula sa mga hydrant na pamatay-sunog.
    c) Hindi maaaring mas mababa sa dalawang talampakan ang layo mula sa anumang utility box, valve, o vault na mayroon sa ilalim ng lupa.
    d) Hindi maaaring mas mababa sa 18 pulgada ang layo mula sa harapan ng kurbada

at mula sa gilid ng naroroong daanan ng sasakyan (tingnan ang Dayagram 1).

e) Tatlong talampakan dapat ang distansiya sa pagitan ng mga nagtitinda (tingnan ang Dayagram 2).

f) Walang mga espasyo para sa pagtitinda ang pahihintulutan sa mga lokasyon ng hintuan ng bus, o sa mga lokasyon kung saan ay may nakatayong mga pasilidad sa itaas ng lupa tulad ng mga kagamitang pangkalsada (mga bangko o bench, mga salansanan ng bisikleta), istante ng diyaryo, at mga red curb (pulang kurbadang nagbabawal sa pagparada) (Tingnan ang Dayagram 3).

g) Walang mga espasyo para sa pagtitinda ang pahihintulutan sa mga kalsadang pansasakyan, median (panghati ng kalsada), dibisyong daanan ng mga naglalakad, at mga daanan ng bisikleta.

h) Walang nakapirming lokasyon sa pagtitinda ang maaaring direktang ipuwesto sa harap ng anumang gusali. Lahat ng mga nakapirming lokasyon sa pagbebenta ay ipupuwesto nang may layong 18 pulgada mula sa harapan ng kurbada.

i) Ang distansiya mula sa mga pinahihintulutang aktibidad kabilang ang ngunit hindi limitado sa mga pagsasara ng kalsada at eskinita na may kaugnayan sa konstruksiyon, mga espesyal na kaganapan, mga swap meet (kitaan ng mga may espesyal na libangan o interes), paggawa ng pelikula, at mga farmer's market ay hindi dapat bababa sa 500 talampakan ng anumang linyang hanggahan ng pinahihintulutang aktibidad.

j) Ang pinakamababang distansiya mula sa pasukan ng anumang gusali, tindahan, tanghalan, sinehan, simbahan o lugar para sa pagtitipon ng publiko ay 20 talampakan.

k) Hindi dapat bababa sa 500 talampakan ng anumang linya ng ari-arian ng pinaghihigpitang lokasyon ang distansiya mula sa anumang pinaghihigpitang lokasyon ng pagtitinda tulad ng itinatakda sa Seksiyon 42.13(c) ng Kodigo ng Munisipyo ng Los Angeles.

4. *Mga ipinagbabawal na lokasyon para magtinda*:

a) Ipinagbabawal ang pagtitinda sa loob ng 500 talampakan mula sa:

(1) Hollywood Walk of Fame, Universal Studios at El Pueblo de Los Angeles Historical Monument, Staples Center/LA Live (tulad ng inilalarawan sa Kabanata 25 ng Dibisyon 22 ng Kodigo ng Munisipyo ng Los Angeles);

(2) Dodger Stadium, Hollywood Bowl, at LA Coliseum/Banc of California Stadium sa mga araw na may kaganapan;

***(3) Los Angeles International Airport; at***

(4) Anumang iba pang lugar na tinukoy ng Lupon ng Mga Pampublikong Gawain (Board of Public Works).

b) Limitado ang pagtitinda sa Venice Beach sa mga aktibidad sa pagpapahayag na protektado ng First Amendment.

c) Mga paaralan o anumang pasilidad ng edukasyon pagkatapos ng sekondarya na dinadaluhan ng mga mag-aaral sa sekondarya o mga pribadong pasilidad ng paaralang kindergarten, elementarya, o sekondarya.

Makikita sa mapa para sa bawat lokasyon ang mga hanggahan. Ipapaskil ang mga naaangkop na paunawa sa mga lugar na bawal magtinda sa mga lokasyong ito.

5. *Pagtitinda ng mga produktong ani:* Ang lahat ng mga produktong ani sa ilalim ng regulasyon ng Departamento ng Pagkain at Agrikultura ng California (California Department of Food and Agriculture, CDFA) ay pangangasiwaan, dadalhin, idi-display o

itatapon alinsunod sa lahat ng mga regulasyon ng CDFA ayon sa kasalukuyang umiiral o sa kung ano ang mga pana-panahong ibinabago, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

a) Ang lahat ng ani o mga kalakal na napapailalim sa quarantine ng CDFA ay poprotektahan at pangangalagaan sa isang aprubadong paraan sa pamamagitan ng paglalagay sa supot o pag-screen para maiwasan ang impestasyon; ipinagbabawal ang anumang nakalantad na pag-display.
b) Ang lahat ng ani, mga kalakal, o ang mga talupak, ubod, balat, o buto ay ilalagay nang nakasara sa mga plastik na bag bago itapon.
c) Ang bawat nagtitinda ng pagkain ay dapat may resibo, invoice, bill of lading (kasulatan ng angkat na kalakal) o iba pang tinatanggap na patunay ng pinanggalingan ng lahat ng produktong ani at mga kalakal na napapailalim sa quarantine.
d) Ang lahat ng produkto at mga kalakal na napapailalim sa quarantine na itinitinda, inaalok sa pagbebenta, o dinadala sa loob ng lugar ng quarantine ay dapat na may komersiyal na pinanggalingan.
e) Maaaring magresulta ang anumang paglabag sa seksiyong ito sa pagkumpiska ng produktong ani o mga kalakal.

6. *Mga Permiso*: Dapat ay may hawak ang lahat ng mga nagtitinda sa bangketa ng lahat ng mga naaangkop na permisong pangnegosyo, pambuwis, at pangkalusugan na hinihingi ng Estado, County, at/o Lungsod.

**Diagram 1**





**Diagram 2**






**Diagram 3**
(not to scale)




https://streetsla.lacity.org/vending
213-847-6000